## APPLICATION

- Ano ang mga pananaw na kailangan mong bantayan? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang mapanatiling malinis ang iyong isipan simula sa linggong ito?
- Ang iyo bang mga motibo at kilos ay naaayon sa Salita ng Diyos? Ano ang maaari mong gawin upang lumago sa iyong karunungan at pagsunod sa Salita ng Diyos?
- Paano mo magagawang mapanatili ang kalinisan ng iyong mga relasyon sa mga tao sa iyong paligid?

## PRAYER

- Hilingin sa Diyos na baguhin ang iyong pag-iisip at linisin ang iyong puso sa bawat araw ng iyong pamumuhay kasama Siya. Ipanalangin sa Diyos na Kanyang ihayag ang Kanyang layunin sa iyong buhay at hilingin ang kakayanan na magpasailalim sa Kanya araw-araw.
- Ipanalangin ang kakayanan at karunungan upang malabanan ang tukso at mamuhay nang may kalinisan at kabanalan—sa iyong mga relasyon, pag-iisip, motibo, at mga kilos.
- Ipanalangin na ikaw ay maging isang halimbawa ng kadalisayan at kabanalan sa mga taong nakapalibot sa iyo. Ipanalangin na ang Diyos ay mabigyang puri sa pamamagitan ng iyong buhay.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

UNCENSORED

FILIPINO **WEEK 3**

# Kadalisayan

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang isa sa iyong pinakapaboritong alaala sa iyong kabataan?
- Mailalarawan mo ba ang iyong sarili bilang isang palaisip o isang palagawang indibidwal? Bakit?
- Ibahagi ang isa sa iyong mga nakasanayang gawi. Paano ito nahubog sa iyong pagkatao?

**WORD**

*[1]Mga kapatid, natutunan ninyo sa amin kung paano mamuhay ng kalugod-lugod sa Diyos, at ito nga ang ginawa ninyo. Hinihiling namin ngayon sa pangalan ng Panginoong Hesus na lalo nyo pa sana itong pag-ibayuhin. . . [7]Tinawag tayo ng Diyos para mamuhay sa kabanalan, hindi sa kahalayan. [8]Ang sinumang hindi sumusunod sa mga utos na ito ay hindi sa tao sumusuway kundi sa Diyos na nagbibigay sa inyo ng kanyang Banal na Espiritu.* **1 TESALONICA 4:1,7,8**

---

Tayo ay tinawag ng Diyos upang mamuhay nang dalisay sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya. Subalit ang pagiging dalisay ay hindi lamang para sa ating mga katawan. Napapaloob din dito ang ating isipan, puso, at buong pagkatao. Sa araling ito, ating matututunan kung paano maging dalisay sa lahat ng bahagi ng ating buhay.

## 1 Dalisay na Pag-iisip

*[1]Kaya nga mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo alang-alang sa maraming pagkakataong kinaawaan tayo ng Diyos, ibigay ninyo sa Kanya ang inyong mga katawan bilang mga handog na buhay, banal at kalugod-lugod sa kanya. Ito ang tunay na pagsamba sa kanya. [2]Huwag ninyong tularan ang mga ginagawa ng mga tao sa mundong ito. Hayaan ninyong baguhin kayo ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong mga isip, para malaman ninyo ang kalooban ng Diyos—kung ano ang mabuti, ganap, at kalugod-lugod sa kanyang paningin.* **MGA TAGA-ROMA 12:1,2**

Ang dalisay o malinis na pamumuhay ay nagsisimula sa ating mga isipan. Ang ating mga iniisip—at ang mga hinahayaan natin sa ating mga isipan—ay mag-uugat at magbubunga sa ating mga buhay. Ito ang dahilan kung bakit tayo dapat maging maingat sa ating mga nababasa, napapanood, at napag-uusapan. Ano ang mga pananaw na iniutos ng Diyos na ating pag-isipan? (Mga Taga-Filipos 4:8)

## 2 Dalisay na Puso

*Ilikha ninyo ako ng dalisay na puso, O Diyos, at muli akong bigyan ng matuwid na espiritu.* **MGA SALMO 51:10**

Ang kadalisayan o kalinisan ay nagsisimula din sa ating mga puso. Ang mga kaisipan na ating pinagninilay-nilayan ay huhulma ng ating mga emosyon at ito ay may kakayanan na maka-apekto sa ating mga motibo sa buhay. Kailangan natin na laging lumapit sa Diyos upang linisin ang ating mga puso, upang hindi natin mapahintulutan ang ating puso na gumawa ng anumang desisyon para sa atin. Paano inilarawan ng Salita ng Diyos ang kalagayan ng ating mga puso? (Jeremias 17:9)

## 3 Dalisay na Buhay

[3]Nais ng Diyos na maging banal kayo, kaya lumayo kayo sa sekswal na imoralidad. [4]Dapat ay matutong makitungo ang bawat isa sa asawa niya sa banal at marangal na pamamaraan. **1 TESALONICA 4:3,4**

Ang kadalisayan ay naihahayag sa ating mga ikinikilos. Upang tayo ay magkaroon ng malinis na pamumuhay, kailangan nating lalo pang kilalanin ang Diyos at magpasailalim sa Kanyang kagustuhan araw-araw. Tayo ay makapamumuhay nang may kadalisayan o kalinisan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos—hindi ng ating sariling kakayanan. Paano tayo hinihikayat ng Salita ng Diyos na mamuhay nang malinis at marangal? (Mga Salmo 119:9)